

Chapter

One

*N*agulat si Romeya nang makitang isang oras na lang bago mag-alas-diez. Kapag pumapatak talaga ang alas seis ng gabi ay mabilis na ang oras.

Ibinaba ni Romeya ang face mask. Nilingon niya ang isang kasamahan at masuyong tinawag. Ikalawang linggo pa lang niya sa Tri-Tech Incorporated, isang semiconductor company sa Cabuyao, Laguna.

Tumaas ang magagandang kilay nito sa kanya.

“Pakibantayan naman ng makina ko. CR lang ako.”

“Sure. No problem.”

Ngumiti siya rito at lumabas na. Nilakad niya ang malamig na hallway sa third floor at tinunton ang rest room doon. Nahagip ng tingin niya ang paglabas ng isang matangkad na lalaki mula sa meeting room sa

dulo ng hallway. Nakasuot ito ng gray long sleeves, blue trousers at puting sneakers. Nakatingin ito sa hawak na cellphone, subalit kahit hindi tumunghay ay halata rito ang matangos na ilong at matitigas na panga. He looked familiar. Pero wala siyang panahon para isipin kung saan ito nakita.

Pumasok siya tahimik na rest room ng third floor at dumerecho sa dulong cubicle. Paglabas ay tumayo muna siya sa harap ng malapad na salamin at hinila ang head cap. Nakalaya ang hanggang balikat at alun-alon niyang buhok. Sinuklay niya iyon ng mga daliri at nilingon ang bumukas na pinto.

Nanlaki ang mga mata niya nang makitang lalaki ang pumasok. Iyong lalaki kanina sa hallway.

“Oh, shit!” mura nito nang matantong mali ang pinasukang rest room.

Nakagat ni Romeya ang labi sa pagpigil na matawa. Ano ba kasi ang iniisip ng lalaki at hindi man lang nakita ang sign sa pinto?

“Sorry!” iiling-iling na turan nito, pero bigla itong natigilan nang magkatinginan sila. Umarko ang mga kilay niya. “Meya?”

Natigilan siya. Pinagmasdan niya ito at ginawaran ng nagtataakang tingin.

“Romeya Alegre, right?”

Nanliit ang mga mata niya. The man looked familiar. No. Not just familiar. Kilala niya talaga ito.

Her eyes widened. At nag-replay sa utak niya ang mga sandaling kasa-kasama nila ito noon ng ex-boyfriend na si Patrick.

“J-Jacob?”

Pumitik ito. “Ako nga!” sambit ng lalaki na sinundan ng tawa. “I can’t believe this! Dito ka nagtatrabaho?” Manghang-mangha ito.

Alanganin siyang tumango at ngumiti. Bumaling siya sa salamin at isinuot na muli ang head cap. Ramdam niya ang panood ni Jacob.

Of all people, huh? At doon pa talaga sa kompanyang iyon?

“Kumusta ka na, Meya? Akala ko hindi mo ’ko makikilala. It’s been... seven? Eight years?”

“Eight years...” sagot niya nang pumihit at nagsimulang lumakad palabas ng rest room.

Ang awkward lang. Nasa pintuan ito ng rest room na pambabae at mukhang wala pang balak umalis. Maingat niyang nilampasan ang lalaki.

“S-sige! Babalik na ’ko sa linya ko. Nice to see you again.” At mabilis siyang tumalikod at naglakad.

“Romeya, wait!” tawag nito nang makahakbang na siya palayo. Tumigil siya at nilingon si Jacob.

“Saan ka naka-assign?”

“Sa *Metal-Can* ako. Machine operator.”

Lumawak ang ngiti nito. “Really? Good. Hawak ko ang linya mo.”

Saglit siyang natigilan, pagkuwa'y maiksing tumango at tinalikuran na muli ito.

Nagpasalamat si Romeya sa kasamahan na pinagbilinan ng machine. Isinuot niya ang face mask at binalikan na ang ginagawa. Subalit naiwan sa isip niya ang pagkikita nila ni Jacob.

She sighed. Jacob was her ex-boyfriend's cousin. Nakilala niya ito noong magbakasyon ito sa Laguna nang halos dalawang linggo. Sa pagkakatanda niya ay taga-Cebu ang pamilya nito.

She remembered him as an easy-go-lucky guy. Friendly, mabiro at galante, at kapag kasama nila ito ay lagi silang inililibre. Kasama rin siya noon ni Patrick nang ihatid ito sa airport para bumalik ng Cebu. At bago sila tuluyang naghiwalay ng nobyo ay nabalitaan pa niyang nagpunta na ng Amerika ang pamilya ni Jacob.

Ilang minuto pa lang ang nakalipas ay narinig niya ang boses ng supervisor.

“Sir Jacob!”

At sa hindi niya maintindihang rason ay sumipa nang kay lakas ang puso niya! Ano ang dapat niyang ikakaba? Na malapit na pinsan ito ng ex niya? Bakit? Hindi pa ba siya naka-move on kay Patrick?

“Ate Blessie, kumusta kayo dito?” anang malalim at tila paos na boses ni Jacob.

Pinigilan niyang lumingon sa gawi ng lalaki. Itinuon niya ang paningin sa tumatakbong makina at

nang mag-angat ng mukha ay nahuli ang namimilog na mga mata ni Lourdes. Nasa unahan niya ang machine na ino-operate nito.

“Okay lang, Sir. Kailan kayo dumating?”

“Kanina lang. Dito ako dumerecho pagkagaling sa airport.”

“Straight from Japan? Na-miss n’yo ba agad ang *Metal-Can*?” tumatawang usisa ng supervisor. Nakitawa rin dito si Jacob.

So Jacob was not kidding. Hawak talaga nito ang linya nila. Pero ano ba ang posisyon ng lalaki sa kompanya?

“May mga trainee nga pala tayo, Sir. Dalawa dito sa *Metal-Can*. At lima yata sa *Assembly*.”

Wala na siyang narinig na sagot mula sa lalaki. Ayaw naman niyang lumingon para sana alamin kung naroon pa ito. Kaya halos mapalundag siya nang bigla itong magsalita sa kanyang gilid.

“Kabilang ka ba sa mga trainee?” kaswal na tanong ni Jacob.

Mistula siyang aatakehin sa puso nang lingunin ito. Ibinaba niya ang face mask at sumagot. “O-oo... Sir...”

He narrowed his eyes at her. Napaiwas siya ng tingin.

“How is it? Hindi ba nagkakaproblema ang machine mo?”

Umiling si Romeya at ikinalma ang dibdib.

“M-mula nang hinawakan ko? Hindi pa naman, Sir. Okay siya.”

“Good.” At pagkasabi niyon ay tumalikod na ito at iniwan na siya.

Saka lang tila nakahinga nang normal ang dalaga. Nakita niya ang paglabas ni Jacob kasama ang kanilang supervisor. Pinsang-buo ng lalaki ang dati niyang nobyo, pero wala man lang ipinagkahawig ang dalawa.

Napapitlag siya nang kalabitin ni Lourdes. Nakababa ang face mask nito at nakangiti nang makahulugan.

“Hala, Ate! Nilapitan ka ng department manager.”

“Ha? Manager? Paano mo nalaman?”

“Inusisa ko sa katabi ko,” sagot nito. “Ang daya! Trainee din ako, ah! Bakit ikaw lang ang nilapitan at in-interview?”

Ngumiwi siya. “O, eh, di hintayin mong lapitan ka at nang manginig din ang mga kamay mo!”

“Ang guwapo ni Sir! Gusto ko nang pumasok araw-araw!”



Chapter *Two*

“Paano, Ate Meya? Eh, naikuha na pala ako ng apartment ng boyfriend ko. Pasensya ka na talaga,” malungkot na wika ni Cathy, ang call center agent na uupa sana ng isa sa mga bakanteng silid ng kanyang bahay.

May dalawang taon na niyang pinarentahan ang bakanteng kuwarto roon. Kahit paano kasi ay nakakatulong iyon sa mga gastusin niya lalo’t hindi naman malaki ang sinasahod at nagbabayad pa siya ng utang na naiwan ng namayapa niyang ama.

“Ano ka ba, okay lang ’yun! Huwag mo nang intindihin,” sagot niya.

Ang totoo, kakausapin na niya sana si Cathy para sabihing hindi na niya pauupahan ang kuwarto. Naka-collateral kasi ang mismong bahay at lupa nila sa loan

contract ng kanyang ama kay Mr. Fajardo. At dahil imposible na niyang mabayaran ang kabuuang balanse ay kailangan na rin niyang isuko ang property.

Akala noon ni Romeya, kakayanin niya ang pagbabayad at aabot siya sa termino. Pero nagkaproblema naman nang magsara ang kompanyang pinapasukan noon at nawalan siya ng trabaho. Nahinto siya sa pagbabayad. Nagpatong-patong ang mga interes na bagaman maliit ay lumobo dahil sa pagdaan ng panahon, idagdag pa ang principal amount. Ngayon nga ay iilang linggo na lang ang natitira sa panahon niya. At kung hindi maisasauli nang buo ang natitira sa utang kasama na ang interes ay kukunin na ang property na iyon ni Mr. Fajardo para naman ibenta at nang mabawi na nito ang hiniram na pera ng ama niya.

Natapos ang training period niya sa *Tri-Tech*. Lahat halos ng mga bagong pasok ay pinapirma ng six-month contract ng kompanya. Ang ilan ay nakitaan ng problema sa kalusugan kaya hindi natuloy.

“Congratulations!” bati sa kanya ni Jacob nang masalubong niya ito sa hallway. “Under probationary ka na. Hindi magtatagal, regular ka na rin dito.”

Patungo siya ng elevator dahil may kailangan siyang kuhanin sa fifth floor sa stock room. Tipid siyang ngumiti. “Thank you, Sir! Sana nga...”

“Of course, Meya! Kayang-kaya mo 'yan. At p'wede

mo 'kong lapitan kapag may problema.”

Ngumisi siya nang hilaw. At sa isip ay nagpakatanggi-tanggi siya sa alok nito.

Nang makaisang buwan sa kompanya ay nagkahiwa-hiwalay ang mga shift nila. Napunta si Daisy sa first shift, sina Lourdes at Jane ay sa second shift at siya naman ay napunta sa normal shift na eight to five. Magandang schedule iyon pero hindi niya gusto. Lalo na at pulos mga taga-opisina ang kanyang nakakasabay sa shuttle at sa mga breaktime. May iilan din namang operator na kabilang sa shift niya. Hindi nga lang niya malapitan at nahihiya pa.

“Ang gaan nga ng pasok mo, Ate Meya,” komento ni Daisy nang magkita sila nito sa locker room. “Hindi mo kailangang gumising nang madaling-araw. ”Tapos maliwanag pa pag-uwi mo sa inyo.”

“Yung oras lang ang maganda sa shift ko,” aniya. “Pero kapag ang nakakasalamuha mo, eh, mga superiors at mga taga-opisina, nakakailang na.”

“Bakit ka mailang? Pantay-pantay naman ang trato sa lahat ng mga empleyado dito.”

Siguro nga. Pero dahil bago pa lang siya ay hindi niya maiwasang mailang sa tuwing nagsosolong kumakain sa canteen. Habang grupo-grupo ang ibang naroon, nasa isang sulok siya at tahimik na kumakain.

“P’wedeng makisabay?” tanong ng pamilyar na boses, sabay upo sa katapat niyang upuan at inilapag

ang tray sa mesa.

Ilang araw niyang hindi nakita noon si Jacob. Kaya nagulat talaga siya nang lumitaw ito sa harapan niya.

“Bakit? Ayaw mong may kasabay sa pagkain?”

Nakangisi ito at umaarko ang makakapal na kilay.

“H-hindi naman, Sir! Nagulat lang ako sa 'yo...”

Napansin niya ang biglang pagtahimik ng kabilang mesa kaya napatingin siya roon. Nakatuon ang atensyon ng mga taga-Administration sa kanila. Gayundin ang ilang grupo sa malalayong table ay halatado ang panonood sa kanila.

“Naging magugulatin ka yata. Hindi ka naman dati ganyan.”

“H-ha?”

Tumawa ito. “Hindi mo na naalala? N’ung isang beses na ginulat kita paglabas mo ng CR ng resort. Hindi ka man lang natinag at n’ung makita mo ’ko, inirapan mo lang ako.”

Natahimik ang dalaga. Inalala niya ang pangyayaring iyon kung saan una niyang nakutuban na may ibang babae si Patrick. Kaya nga yata hindi umepekto ang birong iyon ni Jacob dahil balot ang isip at puso niya ng paghinhinala at sama ng loob para sa pinsan nito.

Tumahimik ang binata. Nakita niyang nagsimula na itong kumain. Hindi siya nagsalita. Mahirap dugtungan ang sinabi nito. Mahirap dugtungan ang mga pangyayari sa nakaraan lalo na at may kinalaman

sa biglang pagbabago ng buhay niya.

Ilang sandali pa ay patapos na siya. Balak na niyang magpaalam sa kaharap na mauuna na, subalit tumikhim ito at nagsalita.

“It’s been eight years, Meya,” anito. “Siguro naman okay lang na banggitin ko sa ’yo ang pangalan ng pinsan ko.”

Natigilan siya at kinapa sa dibdib ang epekto ng sinabi nito. There was none. O marahil ay hindi pa niya alam hangga’t wala pang naririnig.

She shrugged. “Okay lang. Pero para saan?”

“Wala naman. Hindi lang kasi natin maitatangi na si Patrick ang dahilan kaya tayo magkakilala. Hindi ko naman maiwasang bumanggit ng nakaraan kagaya ngayon.”

Tumaas ang mga kilay ni Romeya. Now that he had mentioned his cousin’s name, she realized that there was nothing left for him. Kahit ang galit na naramdaman niya noon nang pagtaksilan nito ay wala na. Kahit ang sama ng loob na nadama niya noong hindi man lang siya ipagtanggol ng dating nobyo sa sarili nitong ina ay wala na rin.

Kung may naiwan man doon ay pulos paninisi. Paninisi sa mismong sarili dahil lubos siyang umasa sa matagal na pinagsamahan nila ni Patrick at naniwalang hindi siya nito tatraydurin. At pagsisisi na ibinigay niya rito ang buong tiwala imbes na makinig sa kanyang ama.

“Okay lang, naintindihan ko. Saka matagal nang tapos ’yon.”

“He’s in New York now. Alam mo ba?”

Tumango siya. Hindi niya sinasadyang malaman. Pero may iilang tao sa paligid niya ang nakakakilala kay Patrick at minsang nagbanggit sa kanya.

“And he’s getting married,” dagdag ni Jacob habang nakadirekta ang mga mata sa kanya, at wari ba niya ay inaabangan ang pagdaan ng kung anong emosyon sa kanyang mukha.

Tipid siyang ngumiti, pagkuwa’y maiksing tumango. “Good for him.”



Sa sumunod na mga araw at tuwing breaktime ay hindi na ulit naupo si Jacob sa kanyang mesa. Sumasabay ito sa mga taga-Engineering Department.

Mag-isa siya. Sanay na siya roon. Pero sana nga ay mag-isa lang talaga siya para hindi ganoong agaw-pansin ang pagsosolo niya sa tuwing nagtutungo ng canteen.

Kinuha niya ang bote ng tubig at idinikit sa bibig. Pag-angat niya noon ay natagpuan niya ang mga matang nakatingin sa kanya. Muntik na siyang masamid kung hindi naagapan.

Ibinaba niya ang bote at nakasimangot na nagpahid ng kaunting tapon ng tubig sa uniform. Ibinalik niya sa tray ang pinggan at mga kubyertos.

Nang tumayo siya ay nahagip ng mga mata niya ang pagtayo rin ni Jacob.

Halos magdesisyon siyang bumalik sa mesa at paunahin na ang lalaking magbalik ng tray sa counter. Pero nakamasid ito sa kanya at halatang inaantabayanan ang kanyang paglapit.

Tumango siya nang malapit na sa kinatatayuan nito. Hindi niya minsan maintindihan kung bakit siya naiilang kay Jacob. Alam naman niya sa sarili na hindi na siya bitter sa nangyari sa kanila ng pinsan nito. Basta hindi lang siya komportable kapag nasa malapit ang lalaki.

“Tulungan na kita,” anito na inagaw sa kanya ang dalang tray at itinulak sa dishwashing area.

Nagkatinginan sila. At saka lang niya napagtanto kung gaano kaguwapo ang pinsan ng dating nobyo.

Guwapo rin si Patrick, moreno at malaki ang katawan. Samantalang si Jacob ay maputi at mas matangkad pa rin marahil hanggang ngayon kaysa sa pinsan. He had a lean body. Kaya kahit anong isuot nito ay bagay na bagay. Para itong ramp model na naligaw lang sa *Tri-Tech*.

She threw an awkward smile. “S-salamat. P-pasok na ’ko...” Her voice almost shook.

“Bakit lagi kang nawawala sa puwesto mo kapag umaakyat ako?”

Natigilan siya at nataranta sa isasagot.

“Iniiwasan mo ba ’ko?” tanong nito at

humalukipkip habang matamang nakatingin sa kanya.

Kita niya ang paghulma ng biceps nito sa suot na long sleeves. Nasisilip din niya ang ilang ugat sa mga braso nito sa nakalilis na tela.

“H-hindi, Sir,” sagot niya at ngumisi. “Baka nagkakataon lang na may iba akong ginagawa, kaya kailangan kong iwan ang machine.”

“At n’ung nagkaproblema, bakit hindi mo sa akin ini-report?”

Napalunok si Romeya. Breaktime pa, pero naroon siya at ginigisa ng isa sa mga nakatataas. Fair ba iyon?

“Ini-report ko sa TL ko, Sir.”

“Kapag may nagbago sa program ng machine, dapat nakakarating din sa ’kin. I’m not just your department manager, Meya. I’m also a testing engineer.”

Bahagya siyang nainis sa pagsesermon nito. “Ang bilin po kasi sa amin sa orientation, in any cases, sa immediate leader kami magre-report. Kaya sa team leader ako nagsabi, Sir.”

“I told you, Romeya. Ako ang lapitan mo kapag may problema ka dito sa kompanya. Gusto kong isipin ngayon na iniwasan mo ako dahil pinsan ko ang *ex mo*.”

Halos maputol ang pisi ng pasensya ni Romeya. Kung hindi lang superior ang kaharap ay nakapagtaas na siguro siya ng boses.

“Nagkakamali kayo, Sir Jacob,” mahinahong

niyang salungat. “I observe professionalism here. Hindi ko idadamay ang trabaho ko sa personal kong problema. At uulitin ko sa inyo, wala na sa akin iyong tungkol kay Patrick. Kahit pa masalubong ko siya ngayon, hindi po magugulo ang balahibo ko.”

Natahimik ang lalaki, tila natauhan sa sinabi niya. Pinagmasdan siya nito.

“And please, Sir Jacob, huwag n’yo naman akong lituhin sa protocols ng kompanya. Kung ano ang ini-orient sa amin, ’yun ang susundin ko. Kaya pasensya na kayo.”



“Ate Meya, tuloy tayo sa Sabado, ha?” ani Daisy nang magkasabay sila nito sa elevator. Paakyat sila pareho sa stock room sa fifth floor.

“Paano sina Jane? Alas diez pa ang awas.”

“Hahabol na lang sila. May shuttle naman papuntang Paseo de Sta. Rosa.”

Pagdating doon ay magkasunod silang lumabas at lumakad sa tahimik na hallway. At sumilip sa malilina na glass walls ng palapag.

Noong isang linggo pa binalak ng mga kaibigan na mag-celebrate sila. Pero dahil alanganin sa suweldo ay itinawid ng mga ito ng isa pang Sabado.

“Sa open bar na lang tayo. Live band saka beer. Para naman makapag-relax tayo kahit paano.”

“Bakit sa bar pa? Sa bahay na lang tayo.”

Dumerecho siya sa stock room. May naaninag siyang tao sa dulo noon.

“Eh, di tayo-tayo lang doon? Saka habol nga natin ’yung live band, di ba?”

Nilapitan niya ang isa sa mga cabinet at kinuha ang kahon ng mga disposable gloves. Humugot siya ng ilang pares mula roon.

“Huwag kang mag-alala, Ate. Ililibre kita.”

She frowned. Lumapit siya sa table at naglista ng ID number at pangalan sa log book doon.

“Hindi mo ’ko kailangang ilibre. Sasama naman ako.”

“Talaga? O, walang bawian, ha? Pero ililibre pa rin kita! Finger foods na lang kung hindi man drinks!” tuwang-tuwang sabi ni Daisy.

Natawa si Romeya. Kung nagkaroon siya ng kapatid, gusto niya ang kagaya ni Daisy.

“O, siya! Kunin mo na ang kailangan mo at sabay na tayong bumaba.”

“Wala akong kukunin, Ate. Nagpi-P.O. lang ako.”

Kumunot ang noo niya. “P.O.? Purchase Order?”

“Patay Oras. Wala kasi akong gawa sa linya. Kaya heto panay muna ang alis ko.”

Natatawang naiiling siya rito. “Ikaw walang gawa, ako marami. Kaya maiwan na kita dito.”

“Sige, Ate. Bababa naman agad ako mayamaya. Mag-a-alas-dos na rin kasi.”

Paglabas ng stock room ay may nasalubong siyang

dalawa pang operator. Tumayo siya sa tapat ng elevator at naghintay ng pagbaba niyon. Siyam na palapag ang buong building ng *Tri-Tech*.

Tumuwid ng tayo si Romeya nang tumunog ang elevator sa floor na kinaroroonan niya. Pero natigilan siya nang makita kung sino ang nag-iisang sakay niyon.

Para siyang aatakehin sa puso nang masalubong ang tingin ni Jacob. Halos malimutan niyang sasakay siya para makabalik na sa linya.

Ngumisi ito. At hindi niya alam kung bakit nakakairita ang ngising iyon ng lalaki. Wari niya ay nananantya. Nanghahamon.

Humakbang siya papasok. Pinindot niya ang numero ng floor niya at saka tumayo ilang dangkal mula kay Jacob.

“Saan ka pala umuuwi, Meya? Sa dati pa rin ba?”

Natigilan siya. Manghang nilingon niya ang nagsalita at inalala kung nakarating ba si Jacob noon sa kanila. Hindi. Pero malamang na nabanggit dito ng pinsan kung saan siya nakatira.

“H-hindi na, Sir. Matagal na kaming lumipat.”

“Bakit nga pala operator ang pinasukan mo dito? Office Management ang kinuha mo sa college, di ba?”

Inalis niya ang tingin dito bago sumagot, “Hindi ako naka-graduate, Sir. Wala akong diploma. Production operator lang ang open kapag college

level.”

Dalawang palapag lang iyon pero pakiramdam ni Romeya ay pagkatagal-tagal. Gusto na niyang makalabas dahil pakiwari niya ay iginigisa siya sa tabi ng lalaki.

Kaya naman nang bumukas ang pinto ng elevator ay hindi niya napigilan ang pagbuga ng hangin. At sa gilid ng mga mata ay naaninag niya ang biglaang paglingon ni Jacob.

“What’s that for?”

Napalingon din siya dito, isang alanganing ngiti ang nakaguhit sa kanyang mga labi.

“Wala po. May phobia lang kasi ako elevator.”

Nang hindi na nagsalita si Jacob ay lumabas na siya at dere-derechong naglakad. Kung ganito lagi ang pakiramdam niya kapag nagkikita sila ng binata ay baka hindi siya magtagal sa kompanya.



Isang oras na lang bago ang alas cinco nang mapansin ni Romeya ang paglapit sa kanya ng supervisor. Pinanood nito ang kanyang ginagawa.

Usually, ini-interview ng mga superiors ang mga operator. Pero lumipas ang isang minuto ay tahimik lang ang babae.

Mayamaya ay tumikhim ito. “Meya, nagpadagdag ng *lote* si Sir Jacob.”

Parang pinilipit ang tiyan niya nang marinig ang

pangalan ng lalaki.

“P-po?”

“Kailangan mong mag-overtime ngayon.

Hanggang alas ocho lang naman.”

Nasa decorum ng kompanya na kapag kailangang mag-overtime ang empleyado ay hindi ito maaaring tumanggi. Unless may mabigat na dahilan para umuwi.

Kaya naman wala siyang nagawa kundi ang pumirma sa overtime slip na ipinaikot sa department. Iyon naman ay para matantya ang dami ng uuwi sa nakatakdang oras at maihanda ang mga shuttle.

“Wow! Nag-OT si Ate Meya! First time mo?”
tudyong sa kanya ni Lourdes na halatang tuwang-tuwa.

“Para namang nakapag-OT na kayo simula nang pumasok?”

Tumawa ito. “Ate, ipa-extend mo na hanggang ten. Dalawang oras lang naman. Para sabay na tayo pag-uwi.”

“Hindi p’wede at nakapirma na ako. Okay na ako sa eight.”

Pero sa kamalasan ay hindi nakalabas nang alas ocho ang dalaga. Kinulang siya sa oras nang magkaroon ng discrepancy sa programa ng makina at nagtawag pa tuloy ng engineer.

Nang maiayos nito ang problema ay agad niyang itinuloy ang ginagawa. Kailangang maihabol ang huling *lote* ng finished goods, kaya imbes na

makalabas nang alas ocho ay umabot iyon ng alas ocho beinte.

Nagmadali siyang naghubad ng smock gown at head cap sa locker, pagkuwa'y dumaan sa biometrics scanner. Halos maglupasay siya nang pagbaba ay makitang wala na ang mga shuttle na lalabas ng park.

“Naku, naiwanan kayo, Ma’am!” may simpatyang wika ng guwardya. “Kapag kasi uwian, quince minutos lang naghihintay ang mga shuttle at lumalarga na.”

“May umikot namang shuttle ng Industrial Park dito, Ma’am,” sabat ng isa. “Hintay na lang kayo dito.” Inalok nito sa kanya ang isang monoblock chair.

Wala siyang choice. Sa pagod niya ay hindi na niya kakayanan lakarin ang mula roon hanggang sa main gate ng park. Kinuha ni Romeya ang silya at inilagay sa labas ng guard post.

Isang busina ang muntik magpalundag sa kanya sa kinauupuan. Tumakbo ang isa sa mga guwardya para buksan ang gate, kaya tumingin siya sa papalabas na itim na kotse. Bumaba ang salamin sa driver side at para na naman siyang sinipa sa sikmura nang makita ang guwapong mukha ni Jacob.

Nag-iwas siya ng tingin, sabay kipkip sa dalang bag. Kinalabit naman siya ng isang guwardya at nang lungunin niya iyon ay nakitang tumuturo sa gilid niya.

“Ano ’yon, Kuya?” medyo iritadong tanong niya.

“Meya! Sumabay ka na!”

Napapikit siya sa sigaw na iyon ni Jacob. Plano

niyang magbingi-bingihan kahit pa makulit ang guwardya. Hindi siya natinag sa pagkakaupo. Hanggang sa narinig niya ang pagbagsak ng pinto ng kotse.

Kabadong lumingon siya sa driveway at nakitang palapit na sa gawi niya si Jacob.

“Sir!” bati rito ng guwardya.

Tumango ito sa dalawa, pagkuwa’y ibinaba ang mga mata sa kanya. Nakita niya ang bahid ng iritasyon sa mukha nito.

“Hindi mo ba ’ko narinig?”

Tumaas ang mga kilay niya. “H-ha? Ano ba ’yon?” maang-maangan niya.

“S’abi ko sumabay ka na. Matatagalan bago ka makasakay ng shuttle ng park.”

“Hindi na, Sir! Okay lang ako. Hindi naman ako nagmamadali.”

“Sumabay ka na at ihahatid na kita sa inyo. Para kang nag-overtime nang alas diez kung hindi ka pa uuwi ngayon.”

“Tama nga naman, Ma’am! Saka ayaw n’yo n’on? Malilibre pa kayo,” sabat ng pakialamerong guwardya.

Humugot siya ng hangin bago atubiling tumayo. Kinuha ng guard ang monoblock chair at nagpaalam sa kanila. Inilahad ng kamay ni Jacob ang gawi ng kotse nito at nauna nang naglakad patungo roon. Sumunod siya. Binuksan ng lalaki ang pinto ng passenger seat, pagkuwa’y ngumiti.

Nagtimpi si Romeya. Kung hindi lang ito superior ay gusto niyang magpakita ng kaunting pangil. Wala siyang personal na galit sa lalaki, pero talagang hindi niya gusto ang epekto nito sa kanya. Para siyang laging iginigisa. At may pakiramdam siyang sinasadya nito na lapitan siya. Dahil kung nakakaramdam talaga ito ng pag-iwas niya, di sana ay magkusa na lang itong lumayo. Tatal ay wala naman silang kinalaman sa isa't isa maliban sa trabaho.

Nasa main road na sila ng Industrial Park nang basagin ni Jacob ang katahimikan sa loob ng kotse.

“Meya, be honest. Galit ka ba sa ’kin?”

His question startled her. Gusto niya itong lingunin, pero nag-aalala siyang magtagpo na naman ang mga mata nila.

“Bakit naman ako magagalit sa ’yo, Sir? May dahilan ba?”

“I don’t know,” sagot nito at nagbuntung-hininga. “Pero malakas akong makaramdam, Meya. At ’yun ang nararamdaman ko sa ’yo sa tuwing nilalapitan kita.”

“Hindi ako galit sa ’yo, Sir. Akala mo lang ’yon. Walang dahilan para magalit ako sa ’yo.”

“Drop the *Sir*, Meya. Wala tayo sa trabaho. Jacob na lang.”

Hindi siya sumagot. Itinuon niya ang tingin sa unahan ng kotse.

“So hindi ka galit sa akin? Wala kang sama ng loob sa akin?”

She grimaced. Sinulyapan niya ito kaya nahuli nito ang pagsimangot niya.

“Ang kulit lang, ano?” aniyang nakangiwi. Marahang natawa si Jacob. Nagbuntung-hininga siya. “Siguro mas tamang sabihin na... nai-intimidate ako sa 'yo... kaya ako ganito.”

“Bakit ka matatakot sa akin? Nagkakilala na naman tayo dati pa.”

“Iyon na nga ang dahilan. Dahil superior kita ngayon, at naaalala ko pa kung paano kita sungitan noon.”

Tumawa ito. “Oo, nga. Naaalala ko rin 'yon.”

Tipid siyang ngumiti. Sa gilid ng mga mata ni Romeya ay napuna niyang si Jacob na patingin-tingin sa kanyang gawi.

“I know it's too late, Meya. But I want to say sorry for what happened between you and Patrick.” He sounded apologetic.

“Wala na 'yun,” tugon niya. “Okay naman na ako ngayon, at saka may natutunan ako sa mga nangyari kahit paano.”

Ngumiti ito. “I'm glad to hear that. But I'm curious. Ano'ng natutunan mo?”

Romeya rolled her eyes and turned to him. “Na hindi dapat pinagkakatiwalaan ang mga lalaki,” basag niya sa tonong hindi seryoso.

“Gan'on?” Ngumuso ito.

Marahan siyang tumawa. Of course it was a joke.

Dahil kung may natutunan siya ay iyong maging maingat at huwag padadala sa emosyon.

Hindi na dinugtungan ni Jacob ang sinabi nito. Hanggang sapitin na nila ang maliit na village kung saan siya nakatira. Itinuro niya rito ang mga kantong lilikuan bago sila huminto sa tapat ng gate ng tahanan niya.

“Dito ka lang pala. Madali nang hanapin,” komento nito at nilingon ang bahay niya.

“Oo. Paano? Bababa na 'ko. Alam mo na siguro ang paglabas?”

“Yeah. Natandaan ko naman ang mga daan.”

She smiled. “Salamat. Ingat ka. Pasensya na rin sa abala.”

“You're welcome, Meya. Hindi abala 'yun.”

Tumango na lang siya, ngumiti at hinawakan na ang handle ng pinto sa tabi saka binuksan.

“At siyanga pala, Meya...” anito na nagpahinto sa akma niyang pagbaba. Tumingin siya sa kausap at naghintay ng kasunod na sasabihin nito. “Gusto ko lang sabihin na hindi lahat ng lalaki ay manloloko, Meya. Though maraming cases na ang lalaki ang nagtatarantado sa isang relasyon, mas marami pa ring deserving sa pagtitiwala.”

Natigilan siya. Biro lang ang sinabi niyang iyon dito, pero pakiramdam niya ay na-offend niya si Jacob sa bagay na iyon. Isang alanganing ngiti ang iniwan niya rito bago tuluyang lumabas ng kotse.

Chapter Three

Siya inilip niya ang oras sa cellphone at nakitang late siya nang limang minuto sa normal na alis ng bahay. Kung hindi siya magmamadali ngayon ay baka maiwan na naman siya ng shuttle kagaya kagabi.

Pagka-spray ng cologne ay pinatay na ni Meya ang ilaw sa sala ng bahay at dumerecho na palabas. Tiniyak niyang nakakandadong mabuti ang pinto bago niya iyon tinalikuran. Subalit napatda siya sa nakitang pigurang nakatayo sa labas ng kanyang gate.

Kulay at tabas pa lang ng buhok nito ay kabisado na niya. Gayundin ang tindig nitong umaagaw ng pansin sa mga nagdaraan. Ultimong mga sakay ng tricycle ay dinudungaw ito.

Lumingon si Jacob at nakita siya. Humalukipkip ito at ngumisi sa kanya. At halos mailuwa niya ang

puso sa tindi ng sipa niyon.

“Good morning! Aalis ka na? Sabay ka na sa ’kin!”

Halos mapamura si Romeya sa isinalubong nito sa kanya. Kinamot niya ang sentido at humakbang patungo sa gate. Binuksan niya iyon at hinarap ang superior.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” bungad niya at namangha sa malinis, lalaking-lalaki at mabangong amoy ni Jacob. Kulang na lang ay mapapikit siya sa pagsamyo niyon.

“Dinaanan kita. Para sabay na tayong pumasok,” kaswal na sagot nito.

“Sumasabay ako sa shuttle. At kung hindi ako aalis ngayon din, maiiwan na naman ako.”

“Kaya nga nandito ako. Sumabay ka na.”

Umiling siya. “Tama na ’yung kagabi na inihatid mo ako hanggang dito. Umalis ka na at aalis na rin ako,” pagtataboy niya, sabay talikod dito.

Hinila niya ang tarangkahan at ikinandado. At halos tumayo ang balahibo niya nang mapansin ang panonood ni Jacob sa kanyang likuran.

“Sumabay ka na, Meya. Sayang naman ang daan ko dito kung hindi ka sasakay.”

Huminga siya nang malalim para pigilan ang pagkairita. Subalit naagaw ang pansin nila ng tunog ng kanyang cellphone. Kinuha niya ang aparato sa bag.

“Hello!” iritadong sabi niya sa caller.

“Hello, Miss Alegre! Si Atty. Austria ito!”

Napanganga siya. At pagdaka’y nagtaka sa maagang tawag ng abogado ni Mr. Fajardo, ang matandang negosyanteng pinagkakautangan ng kanyang ama.

“O, Attorney, bakit po?” aniya at nilingon si Jacob na ngayon ay nakasandal na sa side panel ng kotse nito. “Pasensya na kayo, at medyo nagmamadali kasi ako. Ano po ba’ng atin?”

“P’wede ba tayong magkita ngayon, Miss Alegre?”

“Ngayon? Naku, may trabaho po ako, Attorney! Baka p’wedeng sa ibang araw na lang?”

“Libre ako bukas lang ng umaga at marami rin akong inaasikaso.”

“Pero may trabaho po ako sa umaga at bago pa lang sa kompanya. Hindi ba p’wedeng pakiusapan na paglabas ko na lang sa hapon?”

“Mag-leave ka na muna sa trabaho mo at importante itong meeting na ’to, Miss Alegre. Sasabihin ko sa kliyente ko na makikipagkita ka bukas.”

Napabuntung-hininga na lang si Romeya. At nang mawala na sa linya ang kausap ay pinatay na rin niya ang cellphone.

“May problema ba?” untag ni Jacob na nasa gilid na niya at pinagmamasdan siya.

Nalimutan niya tuloy ang pagkairita rito.

Nangibabaw na kasi sa kanya ang pangamba dahil sa tawag na iyon ng abogado.

“O-okay lang bang mag-leave ako bukas? Importante lang...”

Pinagmasdan siya nito. “Kung importante ang dahilan, bakit naman hindi? Tungkol ba saan?”

“Huwag mo nang itanong, please?” aniya at nilingon ang kotse nito. “P-paano? Aalis ka na ba?”

“Kung sasakay ka na,” sagot nito na nagpangiti sa kanya. Marahang tumawa si Jacob.

Hindi siya nahirapan sa pagpapaalam sa supervisor. Kulang na nga lang ay huwag na itong magtanong at pirmahan na lang ang kanyang papel. Dinala niya agad iyon sa HR para ma-i-file. At paglabas ay nasalubong niya si Jacob.

“Okay na? Nag-file ka na ng leave?”

“Oo, Sir. Thank you ulit.” At ngumiti siya nang tipid.

Kung hindi siguro siya sumabay rito kanina ay doble ang problema niya. Late siguro siya sa pagpasok nang alas ocho. At dahil late ay mahihirapan siyang magpaalam sa supervisor para bukas.

“You’re welcome.”



Pagkagaling sa meeting na itinawag ng abogado ni Mr. Fajardo kasama ang ahenteng kinuha nito para magbenta ng kanyang property ay nagkulong

na lamang si Romeya sa bahay sa buong maghapon. Ginugol niya ang mga oras sa pag-aayos ng ibang gamit para mailagay sa mga kahon.

Kailangan na talaga niyang maghanda. Dahil wala na rin naman siyang magagawa at iisa lang ang kalalabasan ng lahat. At iyon ay ang pag-alis niya sa bahay na tinitirhan.

Mayamaya ay napukaw siya ng tunog ng kanyang cellphone. Nakita niya ang hindi nakarehistrong numero na nag-flash sa screen niyon. Patamad niyang dinampot iyon at sandali pang pinagmasdan ang numero bago tinanggap ang tawag.

“Hello...” pagod na bungad niya sa caller.

“Meya, hi! Nasa inyo ka ba?”

Nagkagatla ang noo niya. “Sino ’to?”

“This is Jacob,” sagot ng caller at nasorpresa siya. Wala siyang naalalang nagbigay siya ng numero sa lalaki. “Nandito ako sa labas ng gate mo.”

Nalaglag ang mga panga niya sa narinig. “H-ha?”

“P’wede ba akong pumasok?”

Bigla siyang ginapangan ng panic. Nagmadali siyang tumayo at tumungo sa bintana at sumilip. Nakita niya ang bulto ni Jacob sa labas ng gate. Doon lang din niya natanto na gabi na pala. Hindi niya namalayan ang oras.

“Meya?”

“A-ano?” Natataranta ang kanyang tono.

“Ang s’abi ko kung p’wede akong tumuloy?”

kalmadong paalam ni Jacob.

“B-bakit?”

Narinig niya ang marahan nitong tawa sa kabilang linya. “Kailangan bang may dahilan? Hindi ba p’wedeng labasin mo na lang ako bago pa ako mapagkamalang magnanakaw ng mga kapitbahay mo?”

Isang kaway ang iginawad sa kanya ni Jacob nang lumabas siya ng bahay at makita ito sa gate. Tumalikod ito sandali at may kinuha sa hood ng kotse. Binuksan niya ang tarangkahan at hinarap ito. May paper bags sa isang kamay nito at sa kabila naman ay isang maliit na bilaong natatabunan ng aluminum foil.

“P’wede bang makikain dito? Ang lungkot kasi sa bahay ko.”



Inilapag ni Romeya ang mga pinggan at mga kubyertos sa ibabaw ng kanyang coffee table sa living room. Ang mga naka-display sa mesita ay nasa carpet na muna lahat dahil punong-puno iyon ng pagkaing dala ng ‘bisita’, na sa carpet piniling maupo at iginagala ang mga mata.

Naupo siya sa pang-isahang sofa. Natakam siya sa iba’t ibang pagkaing nakalatag sa kanyang harapan.

Kumuha si Jacob ng pinggan at nilagyan iyon ng pancit. Nilagyan din nito iyon ng isang hiwa ng lechong manok, pagkuwa’y iniabot sa kanya.

“Sige na. Kukuha ako ng sa akin.”

“Hindi ba p’wedeng ito na ang sa ’yo at kukuha na lang ulit ako ng para sa akin?” Nakangisi ito sa kanya.

Hindi na siya nakipagtalo. Kinuha niya ang pinggang iniaabot nito at dinampot ang tinidor.

“Ikaw lang ba ang nandito? Nasaan ang pamilya mo?” usisa ni Jacob habang nilalagyan ng pagkain ang isa pang pinggan.

“Wala na sila pareho. Bata pa lang ako, iniwan na ’ko ng nanay ko. My father died almost three years ago.”

Natahimik ito sandali. “I’m sorry...”

Ngumiwi siya. “Okay lang.” At ipinagpatuloy na niya ang pagkain.

“So... mag-isa ka lang din dito?”

Nagkatinginan sila. Umiling siya at ngumiti.

“Nasa trabaho pa ang asawa ko. Mayamaya lang nandito na siya.”

Natigilan si Jacob, pagkuwa’y tumawa ito at umiling. “Of course you’re kidding! I know you’re single. Nakita ko kaya ang resumé mo.”

Tumawa siya. “Hindi ka naniniwala? Resumé lang ’yong nakita mo! Hindi ’yun updated.”

“I don’t believe you. Sinasabi mo lang ’yan para maitaboy ako. Wala kang asawa, Meya. Ni wala ka nga daw boyfriend.”

Kumunot ang noo ni Romeya. “Sino nama’ng may sabi? Ang galing ng source mo, ha?”

“Yung kasabayan mo sa *Metal-Can*. Lorie ba ’yon?”

Natawa siya. “Si Lourdes.”

Tumango-tango ito. “Yun na nga!”

“Lagot sa akin ’yon! Ikinukuwento ako kung kani-kanino!” aniya sa tonong kunwari ay galit.

“Gan’on? So, kabilang pala ako d’on sa ‘kung kani-kanino’ na sinasabi mo?”

Hindi siya sumagot. Natatawang umirap si Romeya at tinusok ang malambot na laman ng manok. Hindi niya alam kung paano naglaho ang pagkailang na nararamdaman niya sa lalaki. Marahil ay mas marami lang siyang iniisip sa ngayon, kaya balewala na muna ang epekto ni Jacob sa kanya. O nakita niyang wala naman siyang dapat ikailang sa pinsan ng dating nobyo. Kagaya pa rin kasi ito nang dati.

“Isa pa, paano ako maniniwalang may-asawa ka? Nakita ko ’yung lumang karatula na nakasabit sa likod ng gate mo. Pinaparentahan mo pala ang isang kuwarto dito?”

“Dati pa ’yun. Wala na akong tenant ngayon.”

“Bakit? Pinaalis mo?”

“Kailangan, eh. Hindi ko na pauupahan at mawawala na rin naman itong bahay ko.”

Natigilan ang binata. Pinagmasdan siya nito na tila inaalam kung joke pa rin ba ang sinabi niya o hindi na. “Bakit mawawala? Aalis ka? Ibebenta mo ’tong bahay mo?”

“Gan’on na nga. ’Yun pa ang inasikaso ko kanina kaya ako nag-leave.” Kinuha niya ang lata ng soft drink at binuksan. Uminom siya roon.

“Kaya pala ang dami mong mga kahon diyan,” komento nito at nilingon ang ilang kahong nakasalansan sa isang tabi. “Saan ka lilipat?”

Nagkibit siya ng balikat. “Naghahanap pa.”

“Bakit mo pa ibebenta? Sayang naman. Malaki rin itong bahay mo. Saka maayos itong lugar ninyo.”

“Kahit naman ayaw kong ibenta ito, wala akong choice. Ito lang kasi ang paraan para mabayaran ko ’yung utang namin.”

Kinuha ulit niya ang pinggan at ipinagpatuloy ang pagkain. Madalang siyang makatikim ng ganoon kasarap na pancit kaya nilulubos na niya.

“May maitutulong ba ’ko?” tanong ng kausap.

Natigil ang kanyang pagnguya. Tiningnan niya si Jacob na seryosong nakatuon ang tingin sa kanya.

“Magkano ba ang utang n’yo? Kasama ang interes?”

Kumunot ang noo ni Romeya. Ayaw na sana niyang sagutin pa iyon, pero mukhang seryoso sa pagtatanong ang bisita. Derecho ang tingin nito sa kanya at nag-aantabay ng sagot.

Nagbuntung-hininga siya, pagkuwa’y sinabi rito ang kabuuang halaga.

“Bayaran mo.”

Dumami ang gatla sa kanyang noo. Sinalubong

niya ang tingin ni Jacob. “A-ano?”

“I’ll give you the money. Bayaran mo. Sayang ang property na ito, Meya. Hindi ka ba manghihinayang man lang?”

Hindi niya alam kung bakit tila siya nabuhayan ng loob. Pero nang maisip kung sino itong nag-aalok ng tulong ay bumagsak ulit ang pakiramdam niya.

“N-no... No way...”

“But why? Ang laki ng problema mo, Meya. At gusto kitang tulongan.”

“Ayoko,” aniya na sinundan ng iling. “Hindi na lang...”

“Meya, ibebenta mo itong bahay at lupa na iniwan ng tatay mo. Hindi ka ba nalulungkot?”

“Okay lang ako,” tanggi niya. “Besides, wala akong ibabayad sa ’yo. Ano ka ba?”

“You can pay me. Kung papayag ka sa gusto ko?”

Natigilan na naman siya. “P-paano?”

Ngumisi ito. “Tanggapin mo muna ang offer ko at sasabihin ko sa ’yo kung paano.”

Umismid ang dalaga. “Hindi bale na. Ayoko, Jacob. Sino ba ako para saluhin mo?”

“Kaibigan kita, Meya.”

Natahimik siya. At sa sinabi nito ay tila nanlambot ang depensa niya.

“Look, hindi ko ito ginagawa dahil lang sa nakaraan ninyo ng pinsan ko. I’m doing this because I want to help you.”

“Jacob... ayokong may masabi ang pamilya mo...”

“Wala akong pamilya, Meya,” natatawang wika nito. “Binata ako.”

“Alam ko, unggoy!” asik niya at inirapan ito. “Ang tinutukoy ko na pamilya, ’yung mga magulang mo. Paano kung makarating pa sa tiyahin mo?”

“Sinong tiyahin ko? Dalawang magkapatid lang sina Daddy at Tito Vic.”

She breathed. “Alam mo kung sinong tiyahin ang tinutukoy ko, Jacob.”

“Yung Mama ni Patrick?” hula nito.

“Wala nang iba. Alam mo naman siguro na may history kami ng tita mo, di ba? At kahit sabihin pang asawa lang siya ng mismong tito mo, kabilang pa rin siya sa pamilya mo.”

“Wala akong pakialam kung ano ang pinagdaanan n’yo ni Tita Marissa. At wala kang dapat ipag-alala dahil hindi lahat ng ginagawa ko ay ipinapaalam ko sa kanila.”

Natahimik ang dalaga. Nauubusan na siya ng ikakatuwiran.

“Just accept my offer, Meya. Sayang itong property mo.”

Natutukso talaga siyang kagatin ang alok nito. Pero paano ba siya makakabayad?

“Ano, Meya? Tinatanggap mo na ba ang tulong ko?”

Humugot siya ng hangin. Hindi niya alam kung bakit mas curious siya sa kung paanong bayaran ang gusto nito.

“A-ano ba’ng... term ng bayaran sa ’yo?” nag-aalangan niyang tanong. “B-baka nakaligtas nga ako sa bangin, sa apoy naman ang bagsak ko?”

Ngumisi si Jacob. At gusto niyang panayuan ng balahibo sa klase ng ngisi nito.

“Don’t worry, Meya. Simple lang ang gusto ko. At ang gusto ko, ako ang uupa sa bakanteng kuwarto nitong bahay mo.”

